
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN



**MODYUL 22**

## ANG POPULASYON NG DAIGDIG

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 22**
**ANG POPULASYON NG DAIGDIG**

Tayong lahat ay kabilang sa mga taong nananahanan sa iisang daigdig. Ang pagdami ng tao o polusyon sa mumdo ay dulot na benepisyo sa sangkatauhan. Gayunding may kaakibt na suliranin sa pagdami ng tao sa daigdig. Matutunghayan mo ang sariling ito ang kondisyon ng populasyon sa mundo. Susuriin mo ang mga salik sa mabilis na pagdami ng populasyon kasama ang mga suliraning dulot ng paglaki ng populasyaon. Inaasahang mapahahalagahan mo ang mga katangian at kalagayan ng populasyao sa daigdig.

May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang kalagayan ng Populasyon
- Aralin 2: Populasyon, Kapaligiran at Pamumuhay ng tao
- Aralin 3: Programa ukol sa Populasyon

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalahad ang kondisyon ng populasyon sa mundo;
2. Maiisa-isa ang mga salik sa mabilis na paglago ng populasyon;
3. Masusuri ang mga suliraning dulot ng mabilis na paglaki na populasyon; at
4. Maipaliliwanag ang mga programa ukol sa populasyon at ang mag implikasyon nito sa kaunlaran ng mga bansa sa buong daigdig.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang populasyon sa mundo ay umaabot na ng
   A. 6 bilyon.
   B. 6.2 bilyon.
   C. 6.3 bilyon.
   D. 6.4 bilyon.

2. Ang populasyon ng mundo ay inaasahang madodoble sa taong
   A. 2040.
   B. 2050.
   C. 2060.
   D. 2070.

3. Ang lampas sa kalahati ngpopulasyon ay matatagpuan sa
   A. Asya.
   B. Aprika.
   C. Europa.
   D. Hilagang Amerika

4. Ang may pinakamalaking populasyon sa buong daigdig ay ang bansang
   A. Bangladesh.
   B. India.
   C. Pakistan.
   D. Tsina.

5. Lumalaki ang pupolasyon ng mundo dahil sa
   A. Kalidad ng edukasyon.
   B. Makabagong medisina.
   C. Makabagong teknolohiya.
   D. Makabagong komunikasyon.

6. Alin sa mga sumusunod ang hindi katanggap-tanggap na argumento hinggil sa populasyon at kapaligiran?
   A. Ang paglaki ng populasyon ay isang banta sa ating likas na yaman.
   B. Ang malaking populasyon ay nagpapababa ng uri ng ating likas ng yaman.
   C. Kayang sustentuhan ng ating likas na yaman ang mabilis na paglaki ng populasyon sa hinaharap.

D. Ang malaking populasyon ay nangangahulugan ng pagdami ng kosumo ng yamang likas sa kapaligiran.

7. Ang antas ng pamumuhay ng tao ay
   A. mas mataas kung malaki ang populasyon.
   B. mas mababa kung malaki ang populasyon.
   C. hindi apektado ng malaking populasyon.
   D. aangat pa sa hinaharap dahil sa lumalaking populasyon.

8. Alin ang hindi kaugnay ng paglaki ng populasyon?
   A. Digmaan
   C. Taglamig
   B. Taggutom
   D. Pag-init ng Mundo

9. Alin ang epekto ng paglaki ng populasyon?
   A. industriyalisasyon
   C. malayang kalakalan
   B. liberalisasyon
   D. urbanisasyon

10. Alin ang argumentong katanggap-tanggap?
   A. Walang kinalaman ang populasyon sa yaman ng bansa.
   B. Ang mga mayayamang bansa ay may malalaking populasyon.
   C. Malaki ang kinalaman ng malaking populasyon sa pag-angat ng bansa.
   D. Ang mas mahihirap na bansa ay may malalaking populasyon.

11. Alin ang hindi kasam ng malaking populasyon sa pag-angat ng bansa.
   A. UNFPA
   C. FPOP
   B. IPPA
   D. UNEP

12. Ang mga sumusunod ay nangangalaga sa paligid maliban sa
   A. DENR
   C. UNEP
   B. Greenpeace
   D. UNFPA

13. Ang pagdami ng tao sa lunsod ay isang katangian ng

A. industriyalisasyon
B. liberalisasyon
C. malayang kalakalan
D. urbanisasyon

14. Ang paglaki ng populasyon ay maaaring makaapekto sa mga sumusunod maliban sa:

A. bayolohikal ng tao
B. kultura
C. lipunan
D. pulitika


15. Habang damarami ang tao ay

A. lumalago ang industriya
B. dumarami ang yumayaman
C. dumarami ang umaangat sa buhay
D. dumarami ang suliranin sa kapaligiran

**ARALIN 1**
**ANG KALAGAYAN NG POPULASYON SA DAIGDIG**



Magugulat ka kung gaano kabilis ang paglaki ng populasyon. Ang araling ito ay magpapakita ng mga datos tungkol sa kondisyon ng populasyon sa mundo. Kasama mong malalaman ang mga salik kung bakit napakabilis lumago ang populasyon ng mundo. Mapapansin mo na maging sa Pilipinas ay bumibilis ang pagdami ng tao at kapansin-pansin ang pagdami ng mga bata sa larangan.



Matapos ang Araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Makapaglalahad ng kasalukuyang kalagayan ng populasyon sa mundo;
2. Makapagsusuri ng mga salik sa mabilis na paglaki ng populasyon; at
3. Makapagbibigay ng mga mungkahi o alternatibo sa pagpigil sa paglaki na populasyon ng daigdig.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Gumawa ka ng graph na makapagpapakita ng kalagayan ng populasyon ng mundo. Ibatay ang sagot sa unang Tahanayan sa teksto ng aralin. (pahina 6)

2. Sumulat ng dalawang obserbasyon batay sa graph.

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

____

3. Kailangan ba ng ating bansa ang malaking populasyon?

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

______

**Kalagayan Populasyon ng sa Daigdig**

Tinatayang may 6.8 bilyon na ang kasalukuyang populasyon sa mundo at lumalaki ito ng 76 milyon bawat araw o 209,000 bawat araw. Bagamat bumaba na ang porsiyento ng paglaki ng populasyon mula sa dalawa noong 1970 hanggang sa 1.5 porsiyento sa kasalukuyan, ang lumalagong populasyon ay dahil na rin sa napalaking populasyon sa kasalukuyan kaysa noong 1970 na 3.7 milyon lamang. Kung ang porsiyento ng paglaki ng populasyon ay hindi bababa, ang populasyon ng mundo ay magiging doble sa taong 2040. Ang ganitong kalaking populasyon ay makaapekto sa kaunlaran maraming pamayanan at sa sistemang ekolohikal sa daigdig.

**Talahanayan 1: Populasyon ng Mundo, 2003**

| Rango | Kontinente | Populasyon |
|---|---|---|
| 1 | Asya | 3,816,573,388 |
| 2 | Aprika | 857,087,413 |
| 3 | Europa | 728,996,759 |
| 4 | Hilagang Amerika | 503,374,176 |
| 5 | Timog Amerika | 364,236,663 |
| 6 | Australya | 31,919,758 |

Pinagkunan: www.census.gov

Ipinapakita sa talahanayan 1 na ang may pinakamalaking populasyon ay nasa Asya. Nasa Asya at Aprika rin ang mga pinakamahihirap na bansa sa mundo at sila rin ang may malalaking populasyon. Samantalang halos nasa mayayamang kontinente naman ang karaniwang may maliit na populasyon.


**Talahanayan 2: Populasyon ng mga Piling Bansa sa Daigdig, 2003**

| Rango | Bansa | Populasyon |
|---|---|---|
| 1 | China | 1,286,975,468 |
| 2 | India | 1,049,700,118 |
| 3 | Estados Unidos | 290,342,554 |
| 4 | Indonesya | 234,893,453 |
| 5 | Brazil | 182,032,604 |
| 6 | Pakistan | 150,694,740 |
| 7 | Rusya | 144,526,278 |
| 8 | Bangladesh | 138,448,210 |
| 9 | Nigeria | 133,881,703 |
| 10 | Japan | 127,214,499 |
| 11 | Mexico | 104,907,991 |
| 12 | Pilipinas | 84,619,974 |
| 13 | Alemanya | 82,398,326 |
| 14 | Vietnam | 81,624,716 |
| 15 | Egypt | 74,718,797 |
| 16 | Iran | 68,278,826 |
| 17 | Turkey | 68,109,469 |
| 18 | Ethiopia | 66,557,553 |
| 19 | Thailand | 64,265,276 |
| 20 | Pransya | 60,180,529 |

Pinagkunan: www.census.gov

Ipinakikita ng Talahanayan 2 ang 20 bansang may pinakamalalaking populasyon sa mundo. Nangunguna dito ang Tsina at India. Halos malapit na sa kalahati ng populasyon ng mundo kapag pinagsama ang populasyon ng India at Tsina.

**Talahayan 3: Paghahambing ng Pamilya noong 1960 at 2000**




Ayon sa talahanayan 3, lumiliit ang bahagdan ng sanggol na ipinanganganak mula 1960 hanggang sa taong 2000. Subalit malaki pa rin ang populasyon sapagkat lubhang malaki na ang populasyon ng mga nanganganak sa mundo.

Sa kasaysayan ng mundo, naging 1 bilyon ang populasyon ng mundo noong 1800 at 3 bilyon naman noong 1960. Sa kasalukuyan, ang populasyon ng mundo ay nadaragdagan ng 3 bilyon sa loob lamang ng 11 taon.

**Mga Salik sa Pagtaas ng Bilang ng Populasyon**

Ang mabilis na pagtaas ng bilang ng populasyon ay maaring sanhi ng pag-unlad ng agham sa medisina, pag-unlad ng agrikultura, at paniniwala ng tao.

Ang mga pagtuklas sa mga makabagong gamot at gamit sa paggagamot ay may malaking nagagawa upang panatilihing malusog ang mga tao. Nahumahaba ang buhay ng tao at lumiliit ang bilang ng mga namamatay sa panganganak. Sa ganitong sistema, dumarami ang mga malulusog na ina na siyang makapagpaparami sa mga susunod na henerasyon. Ang mga sanggol naman na ipinanganganak taun-taon ay nabibigyan ng wastong gamut at modernong pangangalaga kayat nabubuhay nang maayos at malusog. Dahil dito, patuloy na dumarami ang bilang ng mga tao sa mundo.


Ang mga imbensyon upang maparami ang mga produktong galing sa agrikultura ay nagbibigay din ng seguridad sa mga tao upang magparami ng mga anak. Bagamat may peligro na hindi kakayanin ng agrikultura ang mabilis na pagdami ng populasyon sa mundo, nakondisyon na ang tao na sagana ang pagkain ng mga susunod na henerasyon, kayat patuloy ang kanilang pagpaparami.

Ang mga ekonomiyang agrikultural ay may malakas na paniniwala na ang dagdag na anak ay dagdag na kamay upang magtrabaho sa kabukiran. Ang sistema agrikultura tulad ng sa Pilipinas ay nangangailangan ng maraming tao sapagkat tradisyonal pa rin ang pagsasaka. Madalang ang may mga makinarya sa mga mahihirap na magsasaka. Samakatwid, bukas-palad na tinatanggap ang dagdag na anak.

Sa Pilipinas, ang dagdag na anak ay nangangahulugan ng maraming kumpare. Ang compadrazgo ay mahalaga sa Pilipino sapagkat ang mga ninong at ninang ay siyang makapagbibigay ng tulong upang magkaroon ng mabuting buhay ang mga isinisilang na mga bata.

Sa kabuuan, may pisotibong paniniwala ay mga tao na isang biyaya ang pagkaroon ng maraming anak at kapamilya, lalung-lalo na sa mga bansang papaunlad pa lamang.

.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto:

1. Mag-interbyu ng mga nars sa *health centers.* Tanungin sa kanila ang mga sumusunod:

a. Mahalaga ba ang maliit na populasyon sa ating bansa? Bakit?

__________________________________________________________________________

b. May pag-asa bang lumiit ang ating populasyon? Paano?

__________________________________________________________________________.

2. Sumulat ng isang maikling awit upang maipalam ang iyong niloloob tungkol sa populasyon ng Pilipinas.

__________________________________________________________________________.

3. Sumulat ng isang maikling awit upang maipalam ang iyong niloloob tungkol sa populasyon ng Pilipinas.

__________________________________________________________________________.



**Tandaan Mo!**

- Ang populasyon ng mundo ay 6.8 bilyon at ito ay madodoble sa taong 2040.
- Nasa Asya ang lampas sa kalahating populasyon sa buong mundo at ito ay 3.8 bilyon.
- Ang Tsina ang may pinakamalaking populasyon sa buong mundo. Ito ay may 1.2 bilyon. Pangalawa ang India na may isang bilyong tao.
- Ang mabilis na pagtaas ng bilang ng populasyon ay maaring sanhi ng pag-unlad ng agham sa medisina at agrikultura, at paniniwala at kultura ng mga tao.

.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto:

1. Maglista ka ng tatlong argumento kung bakit kailangang pigilin ang paglaki ng populasyon sa bansang Pilipinas.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________

2. Sumulat ng isang liham para sa iyong sarili kung gaano kalaki ang pamilyang nais mo sa hinaharap.

.

## ARALIN 2
## POPULASYON, KAPALIGIRAN AT PAMUMUHAY NG TAO

Matutunghayan mo sa araling ito ang epekto ng malaking populasyon sa ating kapaligiran at sa ating pamumuhay. Nararamdaman natin ang pagkaubos ng ating likas na yaman at pag-init ng ating paligid dahil sa sobrang pagkunsumo ng tao sa ating likas na yaman. Marami din ang nakararanas ng kahirapan at digmaan dahil sa agawan sa limitadong pinagkukunang-yaman. Dahil dito, ang kaunlaran ng mga tao at mga bansa ay nganganib.


Matapos ang Araling ito, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. Matatalakay ang epekto ng mabilis na paglaki ng populasyon sa ating likas na kapaligiran at pamumuhay ng tao;
2. Makapaglalahad ng mga datos bilang suporta sa malaking epekto ng populasyon sa ating kapaligiran; at
3. Makapagbibigay ng mga paraan upang mapangalagaan ang ating kapaligiran.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto:

1. Buuin ang web tsart sa ibaba. Punan ng mga epekto ng malaking populasyon ang kapaligiran at pamumuhay ng tao. Gawin ang web tsart sa iyong kuwarderno.



2. Ano ang sukat o laki ng populasyon na gusto mo para sa isang pamilya? Bakit? Ipaliwanag mo sa isang talata at isulat sa iyong kuwaderno.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________


_____________________________________________________

**Ang Populasyon at Kapaligiran**

.


Malaki ang banta ng paglaki ng populasyon sa mundo. Dahil sa di mapigil na pagdami ng tao, maaaring unti-unting maubos ang mga likas na yaman sa daigdig at na magdudulot ng kahirapan sa pamumuhay ng mga tao.

Kahit na tagumpay ang sangkatauhan sa kasalukuyan na pakainin ang lumalaking populasyon ng mundo, malaki pa rin ang banta nito sa pagkasira at pagkaubos ng ating mga likas na yaman tulad ng malinis na tubig, lupang sakahan, pangisdaan, kagubatan at biodiversiti. Kahit na bumababa ang bilang ng anak ng mga kababaihan mula sa lima at ngayon ay tatlo na lamang, at ang pag-aasawa ng mga populasyon sa gulang na 25 pataas, malaki pa rin ang populasyon sapagkat ang mga magiging ina ay naisilang na. Kayat mahalagang bigyang solusyon ang mga suliranin sa populasyon upang matugunan ang mga pangangailangan ng lumalaking populasyon.



***Suliranin sa Tubig***


Sa Kasalukuyan, 434 milyon tao ang may kakulangan sa tubig. Kung pareho pa rin ang porsiyento ng paglaki ng populasyon, may 2.6 bilyon hanggang 3.1 bilyon tao sa mundo ang may kakulangan sa tubig sa taong 2025. Milyong-milyon tao sa Gitnang Silangang Asya at Aprika sa kasalukuyan ang nagkakaroon ng matinding problema dahil sa kakulangan sa malinis na tubig tabang. Karamihan ng mga tubig tabang sa kasalukuyan sa mga rehiyong ito ay walang kapalit na bagong tubig batay sa siklo ng pagbuo ng tubig tabang. May 25 na mga bansa ang may ganitong suliranin at tinatayang magiging 36 hanggang 40 na bansa ang may parehong suliranin sa taong 2025. Ang mabilis na paglaki ng populasyon ay isang malaking sanhi sa suliranin sa tubig tabang. Taun-taon ay lumalakas ang pagkunso ng tao sa tuig tabang.



***Kalagayan ng mga Lupang Sakahan***

Ang bilang ng mga taong nakatira sa mga bansang may lumiliit na lupang sakahan ay inaasahang lalaki mula sa 600 milyon hanggang sa 986 milyon sa taong 2025. Kahit na nagkaroon *Green Revolution* o *(programa sa pagpapalago ng mga pananim)* at ang pagsusulong ng teknolohiya, ang mga eksperto ay hindi sigurado kung kaya nitong makaprodyus ng pagkain para sa lahat. Ang lupa sa mga sakahan ay dapat na maging malusog upang makapagtanim ng makasasapat na pagkain para mga mamamayan. Kailangan ng bawat tao ng .7 hektarya lupa na walang artipisyal na pataba at pestisidyo upang makakain siya ng gulay at butil. May 415 milyon tao na sa kasalukuyan ang walang ganitong kalaking sakahan. Dagdag pa dito, halos 20 porsiyento lamang ng tao sa mundo ang may-ari ng 80 porsiyento ng lupang sakahan na karamihan ay nasa mayayamang bansa. Sa mahihirap na bansa naman, ganito rin

ang kadalasang nangyayari. Nasa mga mayayamang pamilyang ang mga lupang sakahan. Ang ganitong istruktura ay magdudulot ng malawakang taggutom sa mga darating na panahon.



***Kalagayan ng mga Pangisdaan***


Karamihan ng mga karagatan sa kasalukuyan ay malawakan nang pinangingisdaan kayat unti-unti nang nauubos ang mga lamang dagat. Ang pinakamataas na antas ng pangingisda ay naabot noong 1997. Ito ay naabot ng bansang Tsina na siyang may pinakamalaking populasyon sa buong mundo. Halos lahat ng mga pangisdaan sa mundo ay unti-unting nauubusan na ng yamang dagat. Ang mga mahihirap na bansa ay nakadepende sa mga pangisdaan ng kanilang ikabubuhay. Subalit mukhang mawawala na ito para sa mga susunod na henerasyon.



***Ang Kalagayan ng mga Kagubatan***


Sa kasalukuyan, may 1.8 bilyong tao sa 36 na bansa ang may .10 na hektarya bawat tao ang lawak ng gubat. Ang mga kagubatan ay nasa kritikal na kalagayan na. Tinatayang magiging 3 bilyon pa ang tao sa mga bansang ito sa taong 2025.

Karamihan ng mga kagubatan sa daigdig ay nauubos dahil sa mga gawain ng tao. Mas malala ang pagkaubos ng kagubatan sa mga papaunlad na bansa. Nasa panganib ang pinagkukunan ng pagkain, panggatong at bahay ng mga papaunlad na bansa.



***Kalagayan ng Klima sa Daigdig***

Ang mga emisyon ng carbon dioxide ay may malaking kontribusyon sa pag-init ng mundo. Nararamdaman na natin ang *greenhouse* effect sa ating paligid. Mula noong 1990, ang paggamit ng tao ng mga teknolohiyang naglalabas ng carbon dioxide ay tumataas. Dalawamput apat (24%) na bahagdan ng emisyong ito ay galing sa pagkonsumo ng Estados Unidos. Ang iba ay galing sa mga maunlad na bansa at papaunlad na bansa at dalawang bahagdan lamang sa mga mahihirap na bansa. Ang mga emisyon ay galing sa panggatong na posil at mga pagawaan ng semento. Ang paglaki ng populasyon sa mundo ay nangangahulugan ng pagdami ng kukunsumo sa mga gamit na may emisyon ng carbon dioxide. Kayat ang pag-init ng mundo ay patuloy. Nararanasan na din natin ang pagtaas ng mga dagat at ang pagkasira ng pananim dahil sa pag-init ng mundo.



**Bayodiersiti (Biodiversity)**

May 1.1 bilyong tao ang nakatira sa mga lugar na may mga tanim at hayop na iba-iba ang lahi. Ang populasyong dito ay may 1.3 bahagdan ang paglago samantalang 1.8 na porsiyento naman ang pagkawala ng mga hayop at tanim sa mga bansa na katatagpuan ng mayayamang uri ng hayop at halaman. Ang mabilis na pagdami ng populasyon ay nagbibigay-banta sa pagkawala ng mga tanim at hayop.



***Mga Banta sa Buhay ng Tao***



***Pagsisikip ng Kalunsuran***

Anu-ano ang mga banta ng patuloy na paglaki ng populasyon sa buhay ng tao? Isa-isahin natin ang mga ito at suriin mo kung may magagawang solusyon ang mga tao upang maiwasan ang mga ito.

Ang pagsiksikan ng tao sa mga lungsod dahil sa migrasyon ay nagdudulot ng maraming problema sa kalunsuran. Ang mga ito ay ang kakapusan sa malinis na tubig, masisikip na lugar, kakulangan sa serbisyong publiko tulad ng edukasyon, kalusugan at seguridad, pagkakaroon ng iskwater, kahirapan at polusyon.



**Masikip na tirahan sa lunsod**

Ang paglaki ng populasyon ay lalong nagpapahirap sa mga pamilya ng mga mahihirap na bansa dulot ng dami ng bibig na pakakainin. Sa halip na para sa pang-edukasyon, kalusugan at iba pang panlipunan serbisyo, inuuna muna ng pamilya at pamahalaan ang pagkain, damit at tirahan ng mga mag-anak. Nasa 20 bahagdan lamang ng populasyon ang may sapat na antas ng pamumuhay. Samantalang 80 bahagdan naman ang hirap na hirap na itawid ang kanilang buhay. Ang kontinente ng Aprika ang may pinakamataas na bahagdan ng paglago ng populasyon subalit ito naman ang may malaking bahagdan ng mahihirap. Sa Asya matatagpuan ang maraming lungsod na masisikip at walang sapat na kabuhayang makapag-aangat ng kalidad ng mga mahihirap na nagsilipat sa mga lunsod.

**Mga Away at Digmaan ng mga Bansa**

Ang paglaki ng populasyon sa Europa noong ika-15 siglo ay nagpasimula ng pananakop sa mga bansa sa Amerika, Asya at Aprika. Nagkaroon ng maraming digmaan upang makakuha ang mga Europeo ng mga kayamanan sa iba't-ibang bansa. Ang dating may mga lupain ay inagaw ng mga mananakop kayat napilitan silang maghanap ng iba pang lupain sa mga masusukal na lugar. Ito ay nagdulot din ng mga digmaan ng magkakaparehong lahi sapagkat nawalan ng lupa ang mga orihinal na nakatira sa mga kabundukan at malalayong isla. Hanggang sa kasalukuyan, patuloy ang paghahanap ng tao ng mga kayamanan upang masuportahan ang lumalaking pamilya o populasyon. Ang mga magkakaparehong lahi ay nag-aaway-away dahil sa pag-aaagawan sa pinagkukunan ng yaman. Ang ganitong sitwasyon ay nangyayari sa Rwanda, Sri Lanka, Kashmir, Iraq, Balkan, Sudan, Colombia, Pilipinas, Burma at iba pang bahagi ng daigdig. Ang mga pag-aaway na ito ay pulitikal ngunit ang pinaka-ugat ay ekonomiya, o ang pinagkukunang yaman.

**Hirap na Kalagayan ng mga Kababaihan**

Ang paglaki ng populasyon ay nagdudulot ng maraming suliranin sa mga babae at lalaki. Ngunit mas nakararanas ng suliranin ang mga kababaihan.

Tinatayang sa bawat minuto:


- 380 babae ang nabubuntis; kalahati sa kanila ay walang planong maging buntis;
- 110 babae ag nakararanas ng kumplikasyon sa pagbubuntis;
- 100 babae ang nakararanas ng aborsyon; 40 ay delikado at di ligtas;
- 11 tao ay nagkakaroon ng nakakahawang sakit na HIV/AIDS;
- 1 babae ang namamatay dahil sa pagubuntis;
- 1 sa bawat 10 nanganganak ay tinedyer na nanay;
- sa mga mauunlad na bansa, 1 sa bawat 6 na nanganganak ay kabataang babae sa gulang na 15 hanggang 19; at
- may 4.4 na milyon na kabataang babae sa gulang na 15 hanggang 19 ang nagpapalaglag ng sanggol, at ang kalahati ay di ligtas.

**May Pag-asa Ba?**

Ang ika-21 siglo ay nagbabadya ng maraming suliranin sa paligid at populasyon.

Ang tanging pag-asa ay ang pagbaba ng bahagdan ng paglaki ng populasyon, ang pagtaas ng karaniwang edad ng pag-aasawa at panganganak, ang pagkakaroon ng trabaho ng kababaihan pagpaplano ng tunay bilang ng mga anak, at ang pagpaplano ng pamilya. May mga bansa rin na masusing nag-iisip ng komprehensibong programa hingil sa pagpigil ng paglaki ng populasyon. Mataas na rin ang kamalayan ng

mga tao sa pagkonsumo ng mga bagay na makakatulong sa kaligtasan populasyon at kapaligiran.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto:

1. Anu-ano ang programa ng ating pamahalaan tungkol sa mga sumusunod?
2. Magtanong-tanong sa pinuno ng barangay kung paano nila ito ipinatutupad?
   a. Populasyon

      ______________________________________________

   b. Kapaligiran

      ______________________________________________

   c. Mga serbisyong panlipunan

   ______________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Malaki ang epekto ng malaking populasyon sa ating kapaligiran at sa pamumuhay ng tao.
- Ang mga likas na yaman tulad ng pangisdaan, lupang sakahan, tubig, kagubatan, paligid, mga halaman at hayop ay unti-unti nang nauubos.
- Nararamdaman naman lalo na ng mga mahihirap na bansa ang epekto ng malaking populasyon tulad ng kakulangan sa pagkain, tubig, serbisyong publiko at mga digmaan, at suliranin ng mga kababaihan.
- Kinakailangan ang pagkakaroon ng mga programang magsasaayos ng sapat na dami at kalidad ng populasyon sa bawat bansa.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto:

1. Bumuo ng isa ng kuwento ng isang pamilyang may sampung anak.


2. Gumuhit at maglista ng mga katangian ng populasyon na nais mo sa mga sumusunod:

A. Pamilya


B. Pamayanan

C. Bansa

**ARALIN 3**
**MGA PROGRAMA SA POPULASYON**



Ikaw ay nasa huling aralin na ng modyul na ito. Nalaman mo sa mga nakaraang aralin ang kalagayan ng populasyon at ang epekto ng malaking populasyon sa ating kapaligiran at pamumuhay. Sa araling ito, masusuri mo ang mga programa ukol sa pangangalag ng populasyon sa daigdig at matamo ang mga hangaring pangkaunlaran ng mga bansa.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang mga programa magpapabuti at magpapaunlad ng kalagayan ng populasyon ng mga bansa;
2. Maipaliliwanag ang implikasyon ng mga programa sa pagpapatupad ng sustainable development at mapabuti ang panirahan ng tao sa hinaharap; at
3. Makapagbibigay ng sariling opinyon upang hindi maging pabigat sa lumalaking populasyon sa bansa.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto:

A. Paghambingin ang malaki at maliit na pamilya sa pamamagitan ng iba't-ibang kriterya o palatandaan ng kaunlaran.

| Kriterya | Maliit na Pamilya | Malaking Pamilya |
|---|---|---|
| Edukasyon | | |
| Pagkain | | |
| Damit | | |
| Tahanan | | |
| Paggawa | | |

B. Matapos mong maitala ang maaaring kalagayan ng maliit at malaking pamilya, gaano kalaking pamilya ang nais mo? Pangatwiranan mo ang iyong sagot.

**Mga Programa Ukol sa Populasyo**

Anong programa ng pamahalaan tungkol sa pangangalaga ng populasyon ang nakaraang sa iyong barangay?

Bilang mga mamayanan ng isang bansa, mahalaga ang kapakanan ng mga tao para sa pamahalaan. Ang yaman ng isang bansa ay nasusukat sa kalidad ng yamang tao o ng mamamayanan nito. Ang kaunlaran ng isang bansa ay nakasalakay sa malusog, matalino, at aktibong mamayanan sa may malaking kontrobibusyon sa paglinang ng kaunlarang pang-ekonomiya at kagalingang panlipunan.

Iba’t ibang programa na ang sinubukan, isinasagawa at pinagpaplanuhan ng mga bansa sa daigdig upang mapabuti ang kapakanan ng populasyon sa buong mundo. May mga ahensiya na sadyang binuo upang magsagawa ng nga programang iyan. Pag-aralan mo ang mga programang inilunsad ng ibat’ ibang ahensiya sa sumusunod na talaan.

**Talahanayan 4: Mga Organisasyon at ang Kanilang Programa Ukol sa Populasyon**

| Organisasyon | Programa |
|---|---|
| United Nations Fund for Population Assistance(UNFPA) | ➢ Itinatag ng United Nations noong 1967.<br>➢ May pinakamalaking pandaigdig na pondo na inalalaan sa pagtulong sa mga umuunlad na bansa ukol sa isyung pampopulasyon. Tungkulin ng UNPFA na tumulong sa pangangailangan ng populasyon at pagpaplano ng pamilya; paunlarin ang kaalaman ukol sa iba’t ibang salik na kaugnay sa populasyon tulad ng paglaki ng populasyon, fertility, migrasyon at mortalidad, at tulungan ang mga pamahalaan sa programa at mga proyekto nila sa populasyon, at magbigay ng pinansyal na tulong para sa implementasyon ng mga ito. |
| International Planned Parenthood Association (IPPA) | ➢ Binubuo ito ng mahigit nna 100 samahan na humihikayat sa pagpaplano ng pamilya. Mahigit sa kalahati ang galing sa mga bansa ng kasapi sa *Overseas Economic Cooperation Development* (OECD). Pinakamalaki ang tulong na tinatanggap ng Brazil, Columbia, India, Korea at Mexico. Ginagamit ng mga unibersidad at institusyon sa pananaliksik ang ikaapat na bahagi ng tulong mula sa Estados Unidos, *ang Family Planning International Assistance and Population Council,* at |

| | |
|---|---|
| | *Pathfinder Fund.* |
| Kagawaran ng Kalusugan | ➢ Philippine Population Management Program (PPMP)<br>Ito ang kabuuang programa ng ating pamahalaan ukol sa pagkontrol ng populasyon. Nilikha ito upang suportahan at sang-ayunan ang kabuuang programang pang-ekonomiya ni Pangulong Fidel Ramos, ang *Medium Term Philippine Development Plan* (MTPDP) na mas kilala sa tawag na *Philippines 2000*. Ayon dito, hindi magiging tagumpay ang *Philippines 2000* kung walang kaukulang programa sa ating populasyon.<br><br>➢ Binubuo ang PPMP ng iba't ibang sangay ng pamahalaan. Ang kagawaran ng Kalusugan ang pangunahing tagapagtupad nito. May bahagi rin ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamahagi ng kaalaman ukol sa populasyon sa pamamagitan ng pagsasanib nito sa mga kurikulum ng mga paaralan.<br>➢ Kabilang sa PMPP ang mga programang may direktang kaugnayan sa pagkontrol ng populasyon tulad ng pagpaplano ng pamilya. Nakapaloob din ang programang pampopulasyon sa mga programang pang-ekonomiya at pangkapaligiran |

| | |
|---|---|
| Commision on Population and Development (CD) (dating Population Comission o POPCOM) | ➢ May 27 kasapi ito at itinatatag ng Economic and Social Council (ECOSOC) ng UN noong 1947. Tungkulin nito na magbibigay ng payo at gumawa rin ng pag-aaral tungkol sa mga isyu sa populasyon, mga patakaran at programa, integrasyon ng populasyon sa pag-unlad ng bansa kaugnay ng iba't-ibang salik sa populasyon, at ibang mga katanungan tungkol sa populasyon. |
| Family Planning Organization of the Philippines (FPOP) | ➢ Itinatag noong ika-4 ng Agosto, 1969 ang FPOP upang itaguyod ang pagpaplano ng pamilya. Isa itong pribadong organisasyon at isa sa 150 organisasyon sa 128 na bansa na magkakatulad ang layunin. Kasapi ang FPOP sa International Planned Parenthood Foundation (IPPF) na nakabase sa London. Nagbibigay ito ng payo, impormasyon at serbisyo sa klinika at pamayanan.<br><br>➢ Kumikilos ang FPOP batay sa paniniwala na ang responsableng pagkamagulang at kalusugan ng pamilya ay nakaambag sa magandang uri ng pamumuhay at sa pambansang kaunlaran.<br><br>➢ Sa kasalukuyan, naglilingkod sa bansa ang FPOP sa pamamagitan ng 215 na pamunuan, 1362 na mga boluntaryo sa 35 na mga klinika at siyam na mga sentro ng kalusugan. Naglilingkod ito sa 200,000 na mga kliyente na karamihan ay nasa malalayong lugar na walang mga manggagamot. |

| | |
|---|---|
| National Commission on the Role of the Filipino Women | ➢ Nangangalaga sa kalagayan ng mga kababaihan sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Philippine Plan on Gender and Development. Layunin nito na bigyang kapangyarihan ang mga kababaihan upang maging maayos ang kanilang kalagayan, lalo na ng mga ina at mga bata. |

Ang United Nations Fund for Population Assistance ay naglalaan ng mga pondo sa mga bansang mahihirap na nais pigilin ang kanilang ng lumalaking populasyon. Ang International Planned Parenthood Association (IPPA) ay isa ring organisasyon na humihikayat sa pagpaplano ng pamilya.

Sa Pilipinas, ang sangay ng pamahalaan na nangangalaga sa pamamahala ng paglaki ng populasyon ay ang Philippine Commission on Population at Kagawaran ng Kalusugan. Naitatag din ang National Commission on the Role of the Filipino Women upang pangalagaan ang kalagayan at kalusugan ng mga ina at bata.

Ang Family Planning Organization of the Philippines (FPOP) ay isang pribadong organisasyon na may malaking tulong programa sa populasyon sa Pilipinas.

Ang *Philippine Population Act of 1994* ay isang batas na nagtatakda ng mga programang pampopulasyon.

**Ang Populasyon at ang Kapaigiran**


Nalaman mo na ang malaking populasyon ay maaaring magdulot ng suliranin sa ating kapaligiran. Ang pagkonsumo natin ng mga likas na yaman ay nagbabanta ng pagkasira ng ating kapaligiran. Kayat mahalagang tunghayan ang mga programa na nakatutulong upang mapanatiling balanse ang ating paligid.

**Talahanayan 5: MGA PROGRAMA NA NANGANGALAGA SA BALANSENG KALAGAYANG EKOLOHIKAL**

| Programa | Paglalarawan |
|---|---|
| Asia Pacific Conference on Climate Change | ➢ Ang mga siyentista at kinatawan ng mga bansa sa Asia-Pacific ay nangangampanya ng panrehiyon na kamalayan at pagkakaisa upang mabigyang lunas ang suliranin sa pagbabago ng klima, polusyon, at pagkapanot ng kagubatan. |
| Programa ng United Nations Environment Program (UNEP) | ➢ Nakatutok ang programa ng organisasyong ito sa kahalagahan ng mga punungkahoy sa kapaligiran, paghadlang sa pagkasira ng kagubatan, partisipasyon ng mga tao sa muling pagtatanim, at paghadlang sa pagkakalbo ng mga kagubatan. |
| Republic Act 8749 o Clean Air Act | ➢ Pinaiiral ito sa Pilipinas na nagbabawal sa paggawa at paggamit ng mga *incinerator* dahil ang pagsunog ng mga basura ay nakakasama sa kalusugan. |
| Republic Act 9003 o Ecology Solid Waste Management Act of 2001 | ➢ Ito ang unang batas na nilagdaan ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo na naglalayon na mabawasan ng 60 bahagdan ang 3600 metriko tonelada ng basurang kinukolekta araw-araw sa kalakhang Maynila.<br>➢ Isinasaad ng batas na ito ang paghihiwalay o pagbubukod ng nabubulok at di-nabubulok na basura, paggamit muli at *composting* ng basura sa buong bansa. Ipinagbabawal nito ang paninirahan sa bukas na tapunan ng basura. Ang lumabag sa batas ay magmumulta ng 300- 1 milyon (Php) at anim na taong pagkabilanggo. |
| Programa ng Greenpeace | ➢ Nagmomonitor ng nakakalasong mga dumi na itinatambak ng mga industriyalisadong bansa sa Ikatlong Daigdig ang ahensiyang ito. |
| Ecotourism | ➢ Binigyang sigla sa Pilipinas ang kamalayan tungkol sa ekoturismo noong 1977. Nabuo ang salitang *ecotourism* sa kumperensya tungkol sa kapaligiran noong 1988. |

| | |
|---|---|
| | ➢ Isang *ecologically sustainable* na turismo ang *ecotourism* na nagtataguyod ng likas na kapaligiran at kultura upang mapalawak ang kaalaman dito at makabuti sa pamayanan. Hindi lamang maganda at kaakit-akit na kapaligiran ang kailangan sa ganitong uri ng turismo kundi mga ligtas at mapayapang lugar. |
| Philippine Agenda 21 | ➢ Ito ay programa ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman. Ito ay tumututok sa kalidad ng hangin, lupa, karagatan at tubig, halaman at hayop. |

Ang mga pandaigdigan at pambansang organisasyon na ito ay aktibong nangangalaga sa ating paligid.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Pagkatapos mong maunawaan ang mga programang may kinalaman sa populasyon, ano ang maaari mong gawin? Sagutan mo ang mga sumusunod na tanong:

A. Kung sakaling ikaw ay sasali sa mga organisasyon para sa populasyon at kapaligiran, ano ang sasalihan mo? Bakit?Suriin mong muli ang mga talaan bago mo sagutin ang mga tanong na ito.

a. Populasyon

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

b. Kapaligiran

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

B. Alin sa mga programa ng pampopulasyong inilahad sa aralin ang kailangang ng iyong barangay? Bakit

a. Populasyon

______________________________________________

______________________________________________

b. Kapaligiran

______________________________________________

______________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang mga organisasyon na nagsusulong ng pagpaplano ng pamilya ay ang United Nations Fund for Population Assistance, Family Planning Parenthood Association, Kagawaran ng Kalusugan at ang Commission on Population and Development.
- Ang mga organisasyon na nagsusulong ng balanseng kapaligiran ay ang Asia Pacific Conference on Climate Change, United Nations Environment Program, Greenpeace Monement at Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman.
- Ang mga programang pampopulasyon ay naglalayong mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga mamamayan at mapangalagaan ang kapaligiran at likas na yaman na pinagkukunan ng mga tao ng kanilang kabuhayan.
- Ilan sa mga programa sa kapaligiran ay ang Republic Act 8749 o Clean Air Act, Republic Act 9003 o Ecology Solid Waste Management Act of 2001 at ang Philippines Agenda 21.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto:

A. Magtanong sa mga sumusunod kung papaano mapapangalagaan ang kapaligiran at populasyon.

Populasyon

a. mga magulang at kapatid

______________________________________________

______________________________________________

__________________________________________

b. punong barangay

______________________________________________

______________________________________________

__________________________________________

Kapaligiran

a. mga magulang at kapatid

______________________________________________

____________________________________________

b. punong barangay

B. Bumuo ng isang plano ng proyekto batay sa nais ng barangay at mga magulang mo.

1. Proyektong Populasyon

| Proyekto | Mga Gawain | Kailan Gagawin |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

2. Proyektong kapaligiran

| Proyekto | Mga Gawain | Kailan Gagawin |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO:**

Ang mga susmusunod ang mga pangunahing kaisipan na dapat mong tandaan tungkol sa modyul na ito:

- Ang populasyon ng mundo ay 6.8 bilyon at ito ay madodoble sa taong 2040. Nasa Asya ang lampas sa kalahating populasyon sa buong mundo at ito ay 3.8 bilyon.
- Ang Tsina ang may pinakamalaking populasyon sa buong mundo. Ito ay may 1.2 bilyon. Pangalawa ang India na may isang bilyong tao.
- Ang mabilis na pagtaas ng bilang ng populasyon ay maaring sanhi ng pag-unlad ng agham sa medisina at agrikultura at paniniwala ng tao.
- Malaki ang epekto ng malaking populasyon sa ating kapaligiran at sa pamumuhay ng tao. Ang mga likas na yaman tulad ng pangisdaan, lupang sakahan, tubig, kagubatan, paligid, mga halaman at hayop ay unti-unti nang nauubos. Nararamdaman naman lalo na ng mga mahihirap na bansa ang epekto ng malaking papulasyon tulad ng kakulangan sa pagkain, tubig, serbisyong publiko at mga digmaan.
- Ang mga organisasyon na nagsusulong ng pagpaplano ng pamilya ay ang United Nations Fund for Population Assistance, Family Planning Parenthood Association, Kagawaran ng Kalusugan at ang Commission on Population and Development.

- Ang mga organisasyon na nagsusulong ng balanseng kapaligiran ay ang Asia Pacific Conference on Climate Change, United Nations Environment Program, Greenpeace Movement at Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman.
- Ilan sa mga programa sa kapaligiran ay ang Republic Act 8749 o Clean Air Act, Republic Act 9003 o Ecology Solid Waste Management Act of 2001 at ang Philippine Agenda 21.
- Kinakailangang pangalagaan ang kapakanan ng populasyon sa daigdig kasama na ang kapaligiran pinananahanan natin.



**ANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Isulat ang titik ng hindi kabilang sa grupo at isulat ang konsepto na nag-uugnay sa magkakaparehong opsyon.

_______________1. A. Klima  B. Kagubatan  C. Edukasyon  D. Tubig
_______________2. A. UNFPA  B. UNEP  C. IPPA   D. FPOP
_______________3. A. DENR   B. UNEP  C. APCCC  D. UNFPA
_______________4. A. Australya   B. Estados Unidos  C. India   D. Tsina
_______________5. A. Chile B. Hapon C. Nigeria  D. Pilipinas
_______________6. A. Asya  B. Aprika C. Australya D. Europa
_______________7. A. Asya   B. Hilagang Amerika  C. Timog Amerika
D. Australya
_______________8. A. Estados Unidos   B. India  C. Pransya  D. Tsina
_______________9. A. pagkain  B. halaman  C. digmaan  D. edukasyon
_______________10. A. kagubatan  B. klima  C. lupa D. paniniwala

II. Panuto. Isulat ang titik ng tamang sagot.

_____1. Alin ang katanggap-tanggap na argumento para sa Pilipinas?
A. Hindi suliranin ng mga Pilipino ang lumalaking populasyon.
B. Mahalaga sa pamilyang Pilipino ang pagdami ng mga anak.
C. Isang banta sa paglustay ng likas na yaman ang pagdami ng mga Pilipino.
D. Kaya pa ng likas na yaman ng bansa na pakainin ang lumalaking populasyon nito.

_____2. Ang Pilipinas ay may
A. maliit na populasyon
B. katamtamang laki ng populasyon
C. malaking populasyon

D. pinakamalaking populasyon

______3. Ang likas na yaman ng Pilipinas ay

A. di sapat upang masuportahan ang lahat ng Pilipino
B. sapat lamang para sa lahat
C. sobra-sobra
D. kapos

______4. Ang digmaan sa Pilipinas ay sanhi ng

A. pulitika
B. pang-aagaw ng lupa
C. magkakaibang kultura
D. magkakaibang relihiyon

______5. Mahalaga ang pagbaba ng antas ng populasyon upang

A. may urbanisasyon na magaganap
B. may industriyalisasyon na magaganap
C. malayang makikipagkalakalan ang lahat
D. makikinabang sa likas na yaman ang lahat

______6. Lumaki ang populasyon sa mundo dahil sa

A. pagsulong ng agham sa medisina
B. paniniwala na ang anak ay dagdag na magtatrabaho
C. sagana sa likas na yaman ang mga bansa
D. A at b
E. A, b at c

______7. Nalustay ang likas na yaman ng mga mahihirap na bansa dahil sa

A. paglaki ng populasyon nito
B. kolonisasyon ng Europa
C. pagsulong ng teknolohiya

D. A at B
E. A,  B at C

______8. Malaki ang populasyon ng Tsina sapagkat

A. mahahaba ang buhay ng Tsino
B. malaki ang kanyang bansa
C. mahusay ang mga gamot ng Tsino
D. A at B
E. A at C

______9. Ang mga programa sa populasyon ay

A. mangangalaga sa populasyon
B. maaring makabawas ng populasyon
C. magpapababa ng antas ng populasyon
D. makatutulong sa kalidad ng buhay ng tao

______10. Mahalaga ang pagbaba ng antas ng populasyon upang

A. mabuhay nang may kalidad ang tao
B. magkaroon ng mahusay na serbisyong publiko
C. matugunan ang pangangailangan ng mga tao
D. A at B
E. A at C

.



**GABAY SA PAGWAWASTO:**


PANIMULANG PAGSUSULIT

1. D
2. A
3. A
4. D
5. B
6. C
7. B
8. C
9. D
10. C
11. D
12. D
13. D
14. A
15. D

**ARALIN 1**: ANG KALAGAYAN NG POPULASYON

**Gawain 1: Pag-Isipan Mo!**

1. Ganito ang maaaring sagot:




2. a. Nasa Asya ang may pinakamalaking populasyon
   b. Ang Asya at Aprika ang may malalaking populasyon at mahihirap na bansa
   c. Ang australya ang may pinakamaliit na populasyon
3. Malaking suliranin kung may malaking populasyon ang Pilipinas sapagkat hindi sapat ang ating likas na yaman. Bukod dito, nasa kamay ng mga mayayaman at dayuhan

ang ating likas na yaman. Hindi sapat ang ating industriya para lumaki ang pambansang kita. Mangilan-ngilan lamang sa mga Pilipino ang kumikilos upang magkaroon tayo ng industriyang sariling atin.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Batay sa datos na nakalap
2. Batay sa karanasan ng mag-aaral

**Gawain 3: Paglalapat**

1-2 Batay sa karanasan ng mag-aaral

**ARALIN 2:** MAISA-ISA ANG MGA SALIK SA MABILIS NA PAGLAGO NG POPULASYON SA MUNDO

**Gawain 1: Pag-Isipan Mo!**

1. May epekto sa kapaligiran at pamumuhay natin
2. Batay sa karanasan ng mag-aaral

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Tingnan ang teksto
2. Batay sa datos na nakalap

**Gawain 3: Paglalapat**

1-3 Batay sa karanasan ng mag-aaral

**Aralin 3:**

MASUSURI ANG MGA SULIRANING DULOT NG MABILIS NA PAGLAKI NA POPULASYON

**Gawain 1**

1-3 Batay sa karanasan ng mag-aaral

**Gawain 2**

1-2 Batay sa datos na nakalap

**Gawain 3**

Batay sa datos na nakalap

**Panghuling Pagsusulit**

I. Unang bahagi:

1. C- Lahat ay epekto ng populasyon sa likas na yaman
2. B- Lahat ay ahensya ukol sa populasyon
3. D. Lahat ay ahensya ukol sa kapaligiran
4. A. Lahat ay malalaki ang populasyon
5. A- Lahat ay malalaki ang populasyon
6. C-Lahat ay malalaki ang populasyon
7. A- Lahat ay maliliit na populasyon
8. C-Lahat ay malalaking populasyon
9. B. Lahat ay ukol sa pamumuhay ng tao
10. D- Lahat ay ukol sa likas na yaman

II. Ikalawang bahagi:

1. C
2. A
3. A
4. B
5. C
6. B
7. D
8. E
9. C
10. E

References:

Nanda, Serena and Richard L. Warms. 1998. C**ultural Anthropology.** New York: International Thomson Publishing Company

Population Issues. www.unfpa.org

**WHY POPULATION MATTERS TO NATURAL RESOURCES. www.population action.org**

**World Population. www.census.gov**